A ANG HIMALA NG KASAL SA CANA (Juan 2:1-11):

❖ **ANG TANDA NA NAGMAMARKA NG SIMULA NG DAAN.**

— Ang maubusan ng alak sa piging ng kasal ay nakakahiya para sa ikakasal. Ngunit salamat sa interbensyon ni Jesus, naihandog nila ang "masarap na alak" bilang sukdulan ng kanilang pagdiriwang (Juan 2:1-10).

— Sa paglalarawan ng himalang ito, itinuro ni Juan ang ating isipan mula sa tubig—isang simbolo ng paglilinis (Jn. 2:6)—sa bagong alak—isang simbolo ng pagtubos (1 Cor. 11:25).

B ANG HIMALA SA ANAK NG OPISYAL (Juan 4:46-54):

❖ **ANG TANDA PARA SA MGA WALANG PANANAMPALATAYA.**

— Isang maharlikang opisyal na naninirahan sa Capernaum ang nababalisa tungkol sa kanyang anak na may sakit, at nagpasya na tumungo sa Cana at hilingin kay Jesus na pumunta at pagalingin ang kanyang anak (Jn. 4:46-47). Kung gagawin ito ni Jesus, maniniwala siya sa Kanya.

— Ang tugon ni Jesus ay nagpapahiwatig na alam Niya ang iniisip ng opisyal (Jn. 4:48). Ang mga himala sa kanilang sarili ay hindi nagpatunay na si Jesus ang Mesias (Si Satanas mismo ay maaaring gumawa ng mga himala [Ex. 7:22; Apoc. 13:13]).

— Kailangang magpasiya ng opisyal kung maniniwala kay Jesus o hindi, bago maisagawa ang himala. Bagama't hindi sinasabi ng salaysay, maiisip natin ang pagluha ng opisyal habang nagsusumamo siya para sa buhay ng kanyang anak, na ngayon ay nakasalalay sa kanyang sariling pananampalataya (Juan 4:49).

— Sa mga salita ni Jesus, at hindi sa anumang katibayan ng himala, siya ay naniwala (Jn. 4:50). Gayon ang kanyang pagtitiwala na siya ay naglakbay, nagpalipas ng gabi sa kalsada. Nang ipahayag nila sa kanya na gumaling na ang kanyang anak, hinangad nya lang na masiguro na ito ay talagang gumaling sa sandaling sinabi ni Jesus ang kanyang mga salita (Jn. 4:51-53).

C ANG HIMALA SA LANGUYAN NG BETHESDA (Juan 5:1-47):

❖ **ANG HUDYAT PARA SA MGA DESPERADO.**

— Ang 38 taon ay napakahabang panahon ng pagkakasakit. Sa napakaraming mga may sakit na nagtipon sa paliguan ng Bethesda, pinili ni Jesus ang pinakadesperado (Jn. 5:1-5).

— Nakilala ng maysakit sa mapagmahal na tanong ni Jesus ang isang gustong tumulong sa kanya (Juan 5:6-7). Ngunit hindi siya tinulungan ni Jesus na magawa ang isang mapamahiing seremonya. Inutusan lang niya ito: "Bumangon ka! Buhatin mo ang iyong higaan at lumakad ka" (Juan 5:8).

— Sa utos na ito, tumugon ang maysakit. Siya ay tumayo, at ang kanyang mga paa, na paralisado sa loob ng 38 taon, ay nanumbalik ang lakas. Siya na gumawa ng kanyang mga binti ay nagbalik nito.

— Nang maglaon, tinukoy ni Jesus ang kanyang karamdaman na bunga ng kanyang mga kasalanan (Jn. 5:14). Ang sakit ay maaaring direktang bunga ng ating kasalanan o hindi. Ngunit anuman ang pinagmulan nito, may kapangyarihan ang Diyos na pagalingin ito (Santiago 5:14-15).

❖ **ANG TANDA PARA SA MGA AYAW UMUNAWA.**

— Makatuwiran na, kapag gumaling na, uuwi ang maysakit na bitbit ang kanyang mga gamit. Ngunit... nilalabag niya ang Sabbath! (Jn. 5:10). Sa harap ng akusasyong ito, ipinagtanggol ng lalaki ang kanyang sarili sa pagsasabing ang kanyang manggagamot ang nag-utos sa kanya na gawin iyon, at ang bagay ay naayos na (Jn. 5:11-13).

— Sa pag-aakalang gusto nilang purihin ang kanilang manggagamot, nang marinig niya na pinagaling siya ni Jesus, tumakbo siya upang sabihin sa mga nagtanong sa kanya (Jn. 5:14-15).

— Ngunit hindi lahat ay pareho ang tugon sa mga tanda ni Jesus (Juan 5:16). Alam Nya na magbubunsod ng pagtatangi kapag inutusan Niya ang paralitiko na buhatin ang kanyang higaan nang Sabbath. Ang Kanyang layunin ay upang isipin ng mga kalaban kung ano ang mas mahalaga, kanilang tradisyon o pagpapagaling ng isang tao. Bakit ayaw nilang unawain ito?

❖ **ANG TANDA NA SUPORTADO NG MGA SAKSI.**

— Nang akusahan na lumalabag sa Sabbath, sumagot si Jesus upang pagtibayin ang Kanyang pagka-Diyos, (Jn. 5:17-18).

— Ipinagtanggol ngayon ni Jesus ang kanyang sarili sa tatlong hakbang:

(1) Ang kanyang kaugnayan sa Ama (Jn. 5:19-30). Ito ay nagbibigay sa kanya ng kapangyarihan na humatol at bumuhay ng mga patay.

(2) Mga saksi na nagpapatunay sa kanyang mga pahayag:
   (a) Si Juan Bautista (Jn. 5:31-35)
   (b) Ang mga himala na kanyang ginagawa (Jn. 5:36)
   (c) Ang Ama (Jn. 5:37-38)
   (d) Ang mga Kasulatan (Jn. 5:39)

(3) Ang tigas ng puso ng mga nag-aakusa sa Kanya (Jn. 5:40-47). Si Moises mismo, na sinasabi nilang pinaniniwalaan nila, ay hahatulan sila, dahil hindi sila naniniwala sa Isa na kanyang sinalita.